August 11, Santa Clara

Mag-alay at mabuhay para sa Diyos

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, naitanong nyo na ba sa inyong mga sarili: ano ang handa kong ibigay sa aking minamahal? Ano pa ang kaya mong ipagpakasakit para sa mga taong mahalaga sa iyong buhay?

Ang ating mahal na patron, Santa Clara, ay labis na maganda, matalino at nasa angat na pamilya ng Assisi doon sa Italya. Ang kanyang buhok ay ginintuan at labis na hinahangaan. Sa lahat ng mga pumupunta doon sa kanyang Basilica ay tiyak na hindi nila kakaligtaan na pagmasdan ang relikwaryong buhok ni Santa Clara. At sino man ang makakita ng kanyang buhok, tiyak na masasabi nila sa kanilang sarili na si Santa Clara ay talagang napakaganda.

Siya rin ay mayaman, kabilang sa mga makapangyarihan at kinikilalang angkan sa buong rehiyon ng Umbria.

Noong Linggo ng Palaspas, sa murang gulang ng labingwalo, sa Porziuncula, at buwan ng Marzo 1212 si Santa Clara ay lumisan sa kanilang tahanan at itinalaga ang kanyang buong buhay sa Diyos. Doon hinayaan niyang gupitin at putulin ni San Francisco ang kanyang ginintuang buhok.

Ang pinakamaganda sa kanya at hinahangaan sa kanya ay kanyang inialay sa Diyos. Ang itinatanging napakamahalaga sa kanya ay kanyang pinagpakasakit para mailaan niya ang kanyang buong buhay sa Diyos. Iyan, mga kapatid ko, ang tanda ng kanyang wagas na pagmamahal sa Diyos. Ito ay sangla ng kanyang matibay na paghahandog ng sarili sa Diyos.

Ano po ang handa mong ibigay sa iyong minamahal? Ano pa ang kaya mong ipagpakasakit para sa Diyos?

Tayo pa, maging sino o ano man tayo, tayo ay mahal na mahal ng Diyos. Ikaw at ako ay mahalaga sa Diyos. Mataas pa rin ang pagtingin ng Diyos sa atin. At ang Diyos natin ay patuloy na magtitiwala at umaasa sa ating pagbabalik-loob at pagbabago para sa Kanya.

Hindi pa ba na dahil sa pagmamahal ng Diyos sa atin ay ibinigay Niya para sa atin ang Kanyang bugtong na anak na si Jesus? Hindi po ba na dahil din sa pagmamahal ng Panginoong Jesus sa atin ay inalay Niya ang Kanyang buhay doon sa krus para sa ating kapatawaran at kaligtasan?

Mahal tayo ng Diyos. At tayo pa ay kailangan ng Diyos. Dahil sa Diyos at para sa Diyos ipinahayag ni Santa Clara "*sa buong buhay ko ay walang kahirapan o sakit na makaliligalig sa akin*."

Noon na ang kapatid ni Santa Clara na si Caterina ay sumunod sa kanya, ganoon na lamang ang galit ng kanilang mga magulang na sina Conte Favorino Scifi at Signora Ortolana de Fiumi. Ano ang kanilang ginawa? Kasama ng mga sundalo at mga utusan, sila ay pumunta sa San Damiano upang kunin ng sapilitan si Caterina. Datapuwa't si Caterina ay naging napakamabigat na parang bato na hindi nila mabuhat o magalaw man lang.

At kanilang naintindihan na walang makapipigil sa mithiin ng Diyos. Walang makadadaig sa pamamaraan ng Diyos. Kapag ginusto ng Diyos, ito ay magaganap. Lahat ay mangyayari kapag ninais ng Diyos.

When God wants someone, He will do everything to get you. You just let go. You just cooperate with God. Si Caterina nga ay naging ganap na madre, at pinalitan niya ang kanyang pangalan na Agnes. At siya ay naglingkod at namahala sa kumbento sa Praga na noon ay sangkop sa kabuuan ng Czechoslovakia.

Kapag binalak ng Diyos ito po ay matutupad. Ano man ang nais sa atin ng Diyos ito po ay magaganap. Tunay nga po na tayo ay Kanyang aayusin. Sila sa atin ay Kanyang babaguhin. Kaya naman tayo ay Kanyang pagagalingin. Tayo ay Kanyang pagiginhawain. Tayo po ay Kanyang papagtagumpayin.

Ang kalooban ng Diyos para sa atin ay mangyayari. Ang plano ng Diyos sa buhay natin ay magkakatotoo. Maniwala ka lamang. Manalig ka sa Kanya. Tulad ng sinabi ni Jesus, "*why are you so frightened? Do you still have no faith*" (Mark 4,40).

Doon sa San Rufino isang makasaysayang lugar ng Assisi bago pa si Santa Clara na pumasok sa Kumbento siya ay palaging naglilinis at nagpapakain ng mga mahihirap. Nakita siya ng isang mataas na mamamayan sa lipunan, na kanya rin isang masugid na manliligaw.

Matapos na mahugasan ni Santa Clara ang paa ng dalawang pulubi at hainan sila ng pagkain ay inabot ni Santa Clara ang kanyang kamay sa kanyang manliligaw na ito, na kaugalian noon.

Datapuwa't ang lalaking ito na matapos na makita ang ginawa ni Santa Clara sa mga mahihirap at pulubi ay hindi hinawakan ang kamay ni Santa Clara. Siya ay tumalikod at umalis papalayo.

Mga kapatid ko kay Kristo sa kapistahang ito ng ating minamahal na patrona, Santa Clara, ibinibigay at inaabot niya sa atin ang kanyang mga kamay, upang atin hawakan, upang tayo ay akayin, upang tayo ay dalhin at isama sa Diyos Ama. Ano ang iyong tugon?

Ano pa ang handa mong ibigay sa inyong minamahal? Ano pa ang handa mong ipagpakasakit upang sila ay madala mo sa Langit?

+ Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair